**SET B – Tama o Mali**
**Basahin ang bawat pahayag. Isulat kung Tama o Mali ang sagot.**

1. Si Quasimodo ang bida sa nobelang *Ang Kuba ng Notre Dame*.
2. Si Victor Hugo ang sumulat ng *Ang Kuba ng Notre Dame*.
3. Ang pangunahing tagpuan ng nobela ay ang Katedral ng Notre Dame.
4. Ang salitang "kuba" ay nangangahulugang may deformidad sa likod.
5. Ang pangunahing tunggalian ng nobela ay tao laban sa kalikasan.
6. Si Phoebus ay isang sundalo sa nobela.
7. Ang Humanismo ay pananaw na nakasentro sa tao at pagpapahalaga sa kaniyang kakayahan.
8. Ang banghay ay isang halimbawa ng elemento ng nobela.
9. Mahalagang malinaw ang tagpuan upang mailarawan nang mas mabuti ang damdamin at kilos ng mga tauhan.
10. Itinuturing na "biktima ng lipunan" si Quasimodo dahil nilait at hinusgahan siya batay sa kanyang anyo.
11. Ang pagkakaibigan nina Quasimodo at La Esmeralda ay nagpapakita na hindi mahalaga ang panlabas na anyo sa tunay na pagkakaibigan.
12. Ang pagkamatay ni Claude Frollo sa dulo ng nobela ay nagpapahiwatig na ang kasamaan ay may katapat na kaparusahan.
13. Ang pagpapakita ng Humanismo ni Quasimodo ay sa pamamagitan ng pagpapatawad sa kabila ng panlalait sa kanya.
14. Kung babaguhin ang nobela, isang halimbawa ay ang iligtas si La Esmeralda sa pamamagitan ng pagtakas mula sa Notre Dame.
15. Maiuugnay ang tema ng nobela sa isyu ng body shaming sa paniniwalang hindi mahalaga ang panlabas na anyo kundi ang kabutihan ng loob

LIVEWORKSHEETS